**6450-01-P**

**KAGAWARAN NG ENERHIYA**

**Abiso sa Kahilingan para sa Impormasyon (RFI, Request for Information) tungkol sa Paggamit ng Proseso ng Pagsasalugar na Nakabatay sa Pahintulot upang Tukuyin ang mga Pederal na Pansamantalang Pasilidad na Imbakan**

**AHENSYA:** Tanggapan ng Nagamit na Fuel at Pagtatapon ng Basura, Tanggapan ng Nukleyar na Enerhiya, Kagawaran ng Enerhiya.

**AKSYON:** Kahilingan para sa impormasyon.

**BUOD:** Humiling ang Kagawaran ng Enerhiya (DOE, Department of Energy) ng Estados Unidos, Tanggapan ng Nukleyar na Enerhiya (NE, Office of Nuclear Energy) ng impormasyon tungkol sa kung paano isasalugar ang mga pederal na pasilidad para sa pansamantalang pinagsamang imbakan ng nagamit na nukleyar na fuel gamit ang pamamaraang nakabatay sa pahintulot. Inaasahan ng DOE na ang mga komunidad; mga pamahalaan sa mga antas na lokal, pang-Estado, at pantribo; mga miyembro ng publiko; mga grupo para sa katarungan sa enerhiya at kapaligiran; mga organisasyon o korporasyon; at iba pang mga stakeholder na maaaring maging interesado sa pagtugon sa Kahilingan para sa Impormasyon (RFI). Partikular naming tinatanggap ang pananaw ng mga tao, komunidad, at grupong hindi mahusay na kinakatawan sa mga talakayang ito ayon sa kasaysayan. Magbibigay ng kaalaman sa pagbuo ng proseso sa pagsasalugar na nakabatay sa pahintulot, pangkalahatang istratehiya para sa isang pinagsamang sistema ng pamamahala ng basura, at posibleng oportunidad sa pagpopondo ang mga tugon sa RFI.

**MGA PETSA:** Ang mga tugon sa RFI ay dapat matanggap hanggang Marso 4, 2022 hanggang 5:00 p.m. (ET).

**MGA ADDRESS:** Ang mga interesadong partido ay maaaring magsumite ng mga komento sa elektronikong paraan sa *consentbasedsiting@hq.doe.gov*. Isama ang "RFI Consent-Based Siting and Federal Interim Storage" ("Pagsasalugar na Nakabatay sa Pahintulot at Pederal na Pansamantalang Imbakan) sa subject line ng email. Ibibigay ang mga kalakip na email bilang file na Microsoft Word (.docx) o file na Adobe PDF (.pdf), na inihanda nang ayon sa mga detalyadong tagubilin sa RFI. Dapat malinaw na nakasaad sa mga dokumentong isinumite sa elentronikong paraan kung anong mga paksa at partikular na tanong ang tinutugunan, at dapat itong maging limitado na hindi hihigit sa 45MB ang laki.

**PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON, MAKIPAG-UGNAYAN SA:** Mangyaring ipadala ang anumang mga katanungan sa *consentbasedsiting@hq.doe.gov*, o kay Alisa Trunzo sa 301-903-9600.

**KARAGDAGANG IMPORMASYON:**

**Kasaysayan**

Noong 2015, sinimulan ng DOE ang pagbuo ng prosesong nakabatay sa pahintulot para sa pagsasalugar ng imbakan o mga pasilidad sa pagtatapon ng basura nang may kolaborasyon kasama ang mga miyembro ng publiko, komunidad, stakeholder, at pamahalaan sa mga antas na pantribo, pang-Estado, at lokal. Bilang bahagi ng inisyatibang ito, naglabas ang Kagawaran ng Imbitasyon para sa Komento ng Publiko (*www.energy.gov/sites/prod/files/2016/12/f34/Summary of Public Input*

*Report FINAL.pdf*) at nagsagawa ng serye mga pampublikong pagpupulong upang hingin ang saloobin at ipaalam ang mga pagsusumikap sa hinaharap. Batay sa saloobing iyon, pati na rin sa mga natuklasan ng ilang dalubhasang grupo, bumuo at humiling ang DOE ng komento ng publiko sa *Draft Consent-Based Siting Process for Consolidated Storage and Disposal Facilities for Spent Nuclear Fuel and High-Level Radioactive Waste (o Hindi pa Naisasapinal na Dokumento sa Proseso ng Pagsasalugar na Nakabatay sa Pahintulot para sa mga Pinagsamang Pasilidad ng Imbakan at Pagtatapon ng Basura para sa Nagamit na Fuel at Mataas na Antas na Radyoaktibong Basura o* ang "*Hindi pa Naisasapinal na Proseso ng Pagsasalugar na Nakabatay sa Pahintulot," www.energy.gov/sites/prod/files/2017/01/f34/Draft Consent-Based Siting Process and Siting Considerations.pdf)* noong Enero 2017.

Sa Consolidated Appropriations Act, 2021, naglaan ang Kongreso ng mga pondo sa Kagawaran para sa mga aktibidad ng pansamantalang imbakan. Ang pansamantalang imbakan ay isang mahalagang bahagi ng sistema ng pamamahala ng basura at magpapahintulot sa malapit na panahong pagsasama at pansamantalang imbakan ng nagamit na nukleyar na fuel. Pahihintulutan nito ang pag-aalis ng nagamit na nukleyar na fuel mula sa mga lugar ng reactor, magbibigay ng mga magagamit na oportunidad sa pananaliksik, at bubuo ng tiwala at kumpiyansa sa mga stakeholder at sa publiko sa pamamagitan ng pagpapakita ng pamamaraang nakabatay sa pahintulot sa pagsasalugar.

Inaasahan ng DOE na ang pasilidad sa pansamantalang imbakan ay kakailanganing patakbuhin hanggang sa maaari nang mailipat sa panghuling pagtatapon nito. Ang itatagal ng pansamantalang panahon ay nakadepende sa pagtatapos ng serye ng mahahalagang hakbang, gaya ng pangangailangang tukuyin, lisensyahan, at magtayo ng isang pasilidad, pati na rin ang

panahong kailangan para ilipat ang nagamit nang nukleyar na fuel.

**Mga Katanungan para sa Input**

Ngayong mayroon nang mga inilaan ng Kongreso para ipagpatuloy ang mga aktibidad ng pansamantalang imbakan, naghahanap kami ng input sa paggamit ng prosesong nakabatay sa pahintulot sa pagsasalugar ng mga pederal na pasilidad para sa pansamantalang imbakan. Gagamitin namin ang mga tugon sa RFI na ito, kasama ang mga komentong natanggap noong 2017 sa *Hindi pa Naisasapinal na Dokumento Tungkol sa Proseso ng Pagsasalugar na Nakabatay sa Pahintulot* (*www.energy.gov/sites/prod/files/2017/01/f34/Draft Consent-Based Siting Process and Siting Considerations.pdf*), upang tumulong sa pagbuo ng proseso ng pagsasalugar na nakabatay sa pahintulot para magamit sa pagsasalugar ng mga pederal na pasilidad para sa pansamantalang imbakan, pangkalahatang istratehiya para sa pagbuo at pagpapatakbo sa isang pinagsamang sistema ng pamamahala ng basura, at posibleng oportunidad sa pagpopondo.

Ang mga tagatugon sa RFI na ito ay hindi kinakailangang tugunan ang bawat tanong, ngunit tinatanggap ng DOE ang input sa lahat ng sumusunod na larangan:

**Larangan 1: Proseso ng Pagsasalugar na Nakabatay sa Pahintulot**

1.Paano dapat buuin ng Kagawaran ang mga konsiderasyon sa social equity at katarungang pangkapaligiran sa proseso ng pagsasalugar na nakabatay sa pahintulot?

2. Anong papel ang dapat gampanan ng mga pamahalaang pantribo, pang-Estado, at mga lokal na pamahalaan at opisyal sa pagpapasya ng pahintulot para mag-host ang komunidad ng pederal na pansamantalang pasilidad ng imbakan?

3. Anu-anong mga benepisyo o oportunidad ang makakapaghikayat sa mga pamahalaang lokal, pang-Estado, at pantribo para isaalang-alang ang pakikibahagi sa Kagawaran habang gumagawa ito tungo sa pagtukoy ng mga pederal na lugar para sa pansamantalang imbakan?
4. Anu-ano ang mga harang o hadlang sa matagumpay na pagsasalugar ng mga pederal na pasilidad para sa pansamantalang imbakan gamit ang prosesong nakabatay sa pahintulot at paano matutugunan ang mga ito?
5. Paano dapat makikipagtulungan ang Kagawaran sa mga lokal na komunidad para magtatag ng mga makatwirang inaasahan at plano tungkol sa itatagal ng imbakan sa mga pederal na pasilidad ng pansamantalang imbakan?
6. Anu-anong mga organisasyon o komunidad ang dapat isaalang-alang na makasama ng Kagawaran para bumubo ng pamamaraang nakabatay sa pahintulot sa pagsasalugar?
7. Anong iba pang mga isyu, kabilang ang mga nakasaad sa *Draft Consent-Based Siting Process* (*www.energy.gov/sites/prod/files/2017/01/f34/Draft Consent-Based Siting Process and Siting Considerations.pdf*), ang dapat isaalang-alang ng Kagawaran sa pagpapatupad ng proseso ng pagsasalugar na nakabatay sa pahintulot?

**Larangan 2: Pag-aalis ng mga Hadlang sa Makabuluhang Pakikibahagi**

1. Anu-anong mga hadlang ang maaaring pumigil sa makabuluhang pakikibahagi sa proseso ng pagsasalugar na nakabatay sa pahintulot at paano mapapahupa o maalis ang mga hadlang na iyon?
2. Anu-anong mga mapagkukunan ang maaaring kailanganin upang matiyak na ang mga posibleng maging interesadong komunidad ay mayroong mga sapat na oportunidad para sa

pagbabahagi ng impormasyon, tulong ng dalubhasa, at makabuluhang pakikibahagi sa proseso ng pagsasalugar na nakabatay sa pahintulot?

3. Paano mapaparami ng Kagawaran ang mga oportunidad para sa magkasamang pag-aaral at kolaborasyon sa mga posibleng interesadong komunidad?
4. Sa mabisang paraan, paano maaaring isama ng Kagawaran ang mga pamahalaang lokal, pang-Estado, at pantribo sa pagsasalugar na nakabatay sa pahintulot ng mga pederal na pasilidad para sa pansamantalang imbakan?
5. Anong impormasyon ang kailangan ng mga komunidad, pamahalaan, o iba pang mga stakeholder upang makibahagi sa Kagawaran hinggil sa pagsasalugar na nakabatay sa pahintulot ng mga pederal na pasilidad para sa pansamantalang imbakan?

**Larangan 3: Pansamantalang Imbakan Bilang Bahagi ng Sistema ng Pamamahala ng Basura**

1. Paano matitiyak ng Kagawaran na ang mga konsiderasyon sa social equity at katarungang pangkapaligiran ay natutugunan sa pagpapaunlad ng sistema ng pamamahala ng basura sa bansa?
2. Ano ang mga posibleng kapakinabangan at kahinaan sa magkasamang pagsasalugar ng maraming pasilidad sa loob ng sistema ng pamamahala ng basura o magkasamang pagsasalugar ng mga pasilidad sa pamamahala ng basura sa mga pasilidad ng pagmamanupaktura, impra-istruktura sa pananaliksik at pagpapaunlad, o mga teknolohiya sa malinis na enerhiya?
3. Ano ang dapat na maging abot ng kaugnayan ng pagpapatayo ng pasilidad para sa pansamantalang imbakan sa kaunlaran sa pagtatatag ng isang permanenteng paglalagyan?

**4.** Anong ibang mga isyu ang dapat isaalang-alang ng Kagawaran sa pagbuo ng sistema ng pamamahala ng basura?

**Pagtugon na Paghahanda at mga Tagubilin sa Paglipat**

Mangyaring isumite ang mga tugon sa RFI na ito sa elektronikong paraan sa *consentbasedsiting@hq.doe.gov* nang hindi lalampas ng 5:00 pm (ET) sa Marso 4, 2022. Mangyaring isama sa subject line ang " “RFI: Consent-Based Siting and Federal Interim Storage” (RFI: Pagsasalugar na Nakabatay sa Pahintulot at Pederal na Pansamantalang Imbakan). Ang mga tugon ay dapat matanggap hanggang Marso 4, 2022, para sa mabilis na konsiderasyon; ngunit, patuloy na tatanggapin ng DOE ang mga tugon pagkatapos ng petsang iyon at pag-aaralan habang pinahihintulutan ng panahon. Ang mga tugon ay maaaring direktang i-email o ibigay bilang mga attachment sa email. Inirerekomenda na mai-compress ang mga attachment na may file size na mahigit sa 25MB (iyon ay, naka-zip) upang matiyak na maipapadala ang mensahe; ngunit walang email ang lalampas ng 45MB, kabilang ang lahat ng attachment. Ang mga tugon na ipinadala bilang email attachment ay dapat ibigay bilang isang Microsoft Word (.docx) o Portable Document Format (.pdf) document.

Mangyaring tukuyin ang iyong mga sagot sa pamamagitan ng pagtugon sa partikular na tanong o paksa, kung naaangkop. Mangyaring ilagay nang malinaw ang partikular na tanong na tinutugunan mo. Ang lahat ng pansarili at may restriksyong impormasyon ay dapat mamarkahan nang malinaw. Maaaring sagutan ng mga tagatugon ang marami o kaunting tanong hangga't gusto nila. Hindi tutugon ang DOE sa mga isinumite ng indibidwal. Ang tugon sa RFI na ito ay hindi titingnan bilang legal na obligasyon upang bumuo o ipursige ang proyekto o mga ideyang tinalakay.

Mangyaring ibigay ang mga sumusunod na impormasyon sa simula ng iyong tugon:

- Komunidad, organisasyon, o kumpanya (kung naaangkop)
- Pangalan ng kontak
- Address, numero ng telepono, at e-mail address ng kontak

Ang datos na kinolekta mula sa RFI na ito ay hindi mapoprotektahan para makita ng publiko sa anumang paraan. Ang mga pangalan at address ng mga indibidwal na nagkokomento (kabilang ang mga email address) na natanggap bilang bahagi ng RFI na ito ay bahagi ng pampublikong rekord. Pinaplano ng DOE na ipaskil ang lahat ng dokumento ng komentong natanggap pagkatapos ng panahon ng pagkokomento ng publiko. Ang sinumang taong nagnanais na hindi isiwalat ang kanilang pangalan, address, email address, o iba pang pantukoy na impormasyon sa rekord ng publiko ng mga dokumento ng komento ay dapat na ilagay ang kahilingang ito nang kitang-kita sa simula ng anumang dokumento ng komento, o kung hindi ay walang isasagawang pag-aalis ng impormasyon.

**Pagtatatuwa at Mahalagang Tala**

Ang RFI na ito ay hindi Anunsyo sa Oportunidad sa Pagpopondo (FOA, Funding Opportunity Announcement), premyo, o anumang iba pang uri ng panghihingi; samakatwid, hindi tumatanggap ang DOE ng mga aplikasyon sa pagkakataong ito. Maaaring maglabas ang DOE ng FOA o iba pang panghihingi sa hinaharap, batay sa o kaugnay ng nilalaman at mga tugon sa RFI na ito; ngunit, walang garantiya na ang FOA o panghihingi ay ilalabas bilang resulta ng RFI na ito. Ang pagtugon sa RFI na ito ay hindi nagbibigay ng anumang bentaha o disbentaha sa mga potensyal na aplikante kung pipiliin ng DOE na maglabas ng FOA tungkol sa paksang ito. Ang

mga panghuling detalye, kabilang ang inaasahang laki ng gawad, dami, at pagsasapanahon ng mga gawad na pinopondohan ng DOE ay sasailalim sa mga paglalaan at tagubilin ng Kongreso. Ang anumang impormasyong nakuha bilang resulta ng RFI na ito ay nilalayong magamit ng Pamahalaan sa batayang hindi mag-uugnay sa pinagmulan para sa pagpaplano at pagpapaunlad ng istratehiya. Ang RFI na ito ay hindi binubuo ng pormal na panghihingi ng mga mungkahi o abstract. Ang iyong tugon sa abisong ito ay ituturing na impormasyon lamang. Pag-aaralan ng DOE at isasaalang-alang ang mga tugon sa pormulasyon nito ng mga istratehiya ng programa para sa mga tinukoy na materyales ng interes na sumasailalim sa kahilingang ito. Ang DOE ay hindi ibabalik ang mga ginastos sa pagtugon sa RFI na ito. Ang mga tagatugon ay pinapayuhang walang obligasyon ang DOE na kilalanin ang pagtanggap ng impormasyong natanggap o magbigay ng feedback sa mga tagatugon kaugnay ng anumang impormasyong isinumite sa ilalim ng RFI na ito. Ang mga tugon sa RFI na ito ay hindi nagbibigay ng obligasyon sa DOE sa anumang mga karagdagang aksyong nauugnay sa paksang ito.

Kung kailangan mo ng tulong sa wikang bukod sa Ingles, mangyaring bumisita sa *www.energy.gov/consentbasedsiting* kung saan makukuha ang mga karagdagang sanggunian o makipag-ugnay sa *consentbasedsiting@hq.doe.gov*.

Nagpapasalamat kami nang maaga sa iyong saloobin, at inaasahan naming matanggap ang iyong mga tugon.

**Pumipirmang Awtoridad**

Ang dokumentong ito ng Kagawaran ng Enerhiya ay pinirmahan noong Nobyembre 18, 2021, ni Dr. Kathryn Huff, Pangunahing Pumapangalawang Kalihim para sa Tanggapan ng Nukleyar na Enerhiya, alinsunod sa iniatas na awtoridad mula sa Kalihim ng Enerhiya. Ang dokumentong

iyon na may orihinal na pirma at petsa ay pinananatili ng DOE. Para sa mga layuning pang-administratibo lamang, at bilang pagsunod sa mga iniaatas ng Tanggapan ng Pederal na Rehistro, ang nakapirmang Pederal na Opisyal na Taga-ugnay sa Rehistro ng DOE ay inawtorisahang pumirma at isumite ang dokumento sa elektronikong format para mailathala, bilang opisyal na dokumento ng Kagawaran ng Enerhiya. Ang prosesong pang-administratibo ay hinding-hindi binabago ang legal na bisa ng dokumentong ito sa paglalathala sa *Pederal na Rehistro.*

Pinirmahan sa Washington. DC, noong Nobyembre 18, 2021.

Kathryn D. Huff
Digital na pinirmahan ni Kathryn D. Huff
Petsa: 2021.11.18 09:27:21 -05'00'

Dr. Kathryn Huff
Pangunahing Pumapangalawang Kalihim para sa Tanggapan ng Nukleyar na Enerhiya